**ACTIVITY SHEET**
**ARALING PANLIPUNAN 1**
**QUARTER 2-MODULE 6**

Pangalan: ____________________________________________________1-__________________

**Wastong Pagkilos sa Pagtugon sa mga Alituntunin ng Pamilya**

Activity No. 1

**Panuto:** Ang sumusunod ay alituntunin ng pamilya na dapat mong sundin. Isulat ang letra ng tamang kilos o gawi sa bawat alituntunin.

_____ 1.Maraming bisita ang nanay mo dahil kaarawan niya. May nais kang sabihin na mahalaga subalit kausap pa niya ang iyong ninang. Ano ang dapat mong gawin?

A. Pauuwiin ko na si ninang para makausap ko si nanay.

B. Hihingi ako ng pasintabi para makausap ko si nanay.

C. Iiyak ako dahil ayaw akong kausapion ni nanay.

D. Aalis ako ng bahay dahil hindi ko makausap si nanay

_____ 2. Sinabi ng nanay na bawal lumabas ang mga bata kung walang face mask dahil pinag-iingat sa kumakalat na virus. Ano ang gagawin mo?

A. susunod sa pinag-uutos ng nanay B. lalabas ng bahay kung hindi nakikita ni nanay

C. iiyak dahil ayaw palabasin ng bahay D. magagalit sa nanay dahil ayaw ka niyang palabasin

_____ 3. Nais mong humingi ng pera sa nanay dahil may bibilin ka sa tindahan. Ano ang sasabihin mo?

A. pahingi ng pera nanay B. kelangan ko ng pera nanay

C. bigyan mo ako ng pera D. nanay pahingi po ng pera

_____ 4. Bilin ng tatay na isara ang gripo kung hindi ginagamit. Puno na ang timba ng tubig. Ano ang dapat mong gawin?

A. itatapon ang laman ng timba B. isasara ang gripo

C. hahayaan tumulo ang tubig D. hindi papakinggan ang bilin ng tatay

_____ 5. Sama-sama kayong kumakain ng hapunan ng iyong pamilya. Naalala mo ang bilin ng guro na papuntahin ang nanay sa paaralan. Nais mo itong sabihin subalit may laman pa ng pagkain ang iyong bibig. Ano ang gagawin mo?

A. sasabihin agad para di malimutan B. uubusin muna ang laman ng bibig bago magsalita

C. hindi nalang sasabihin sa nanay D. sasabihin sa guro na hindi makakapunta si nanay

Activity No. 2

**Panuto:** Gumuhit ng larawan ng bahay at sa loob nito ay isulat mo ang mga alituntunin sa loob ng inyong tahanan na nagawa mo nang may wastong pagkilos. Hingin ang gabay ng magulang. Gamitin ang Rubric sa paggawa na nasa ibaba.

Pangalan at Lagda ng Magulang: ______________________

LIVEWORKSHEETS